Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Hinimpil ni Hesus Ang Bagyo sa Kadagatdagatan

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Janie Forest

Ibinagay ni: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2010 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.



Si Hesus at ang kanyang mga alagad ay nasa daong nang dumating ang malakas na bagyo.



Nagkapalakas ng hangin at galit ng tubig. Ang uring bagyong ito ay makasira ng daong at makalunod.

Ang bagyo ay nagbigay ng takot sa mga alagad. Napuno ng alon ang daong, napuno ng tubig.

Ngunit si Hesus ay natulog ng mahimbing sa unan, natulog habang may malakas na bagyo.

Ginising ng mga alagad si Hesus, at sinabi, "Guro, guro, tayo'y mapa-pahama!"

"Bakit kayo'y natatakot, o kayo na maliit ang pananampalataya?"
Tinananong ni Hesus ang kanyang mga alagad.

Noon nagutos si Hesus na itigil ang hangin … At inutosan ni Hesus ang mga alon ng titigil na at papayapa …

AT ANG HANGIN AY HUMINTO …
ANG DAGAT AT TAHIMIK
AT MAPAYAPA.



Ang mga alagad ay nangagmangha, at sinabi, "Sino ba ito, na kahit ang mga hangin at kadagatan ay sumusonud sa Kanya!"



Sa panahong dumating, si Hesus ay maraming abala. Mahigit na 5000 taohan ay sumunod sa Kanya sa ilang daku.

Ayon sa kapangyarihan ng Diyos pinakain ni Hesus ang pulotong ng mga tao, ginamit niya ang baon ng batang lalake.

Ngayon dumating na
ang gabi. Pinaalis
ni Hesus ang
lahat.

Pati ang mga alagad ay pinaalis din.
Pinayaon sila sa daong at pumaroon

Nang napaalis na ang lahat, si Hesus ay pumunta sa bundok na magisa upang manalangin.

Nang dumating ang gabi, nag isa siya doon.

Doon sa lawa,
ang mga alagad
ay nahuli ng
malakas
na bagyo.

Hindi sila
makatawid
sa kabila
dahil sa
malakas
na
hangin, ...

... kahit na sila'y
nagsisibugsay
ng maraming
oras. Ang mga
alagad ay
walang
alam
na sila ay
magkaroon
ng surprisa.!

Marahil mag alas tres at alas sais na ng umaga, sa gitna ng galit at magulong dagat, ang mga alagad nakakita ng isang bagay na katakot takot.

"Isang multo!"
sila't sumigaw.
Ngunit ito
ay si Hesus,
ang kanilang
Panginoon
at Guro, na
pumaroon
sa kanila, ...

…NAGLALAKAD
SA IBABAW
NG TUBIG.

“Magsaya kayo!” tumawag si Hesus sa kanila. “Ako nga ito; huwag kayong matakot.”

Si Pedro
ay sumagot,
“Panginoon,
kung ikaw ng
iyon, utusan
mo ako na
pumaroon
sa iyo sa
ibabaw ng
tubig.”

Sa ganon
sinabi ni Hesus,
"Pamarito ka."
Matapang,
si Pedro ay
lumabas
sa daong at
lumakad sa
tubig at
pumunta
kay Hesus.

Nang makita ni Pedro ang malakas na hangin at alon, siya'y natakot at untiuting nalunod.

Sumigaw siya, “Panginoon ko, iligtas mo Po ako!”

Kaagad, binayaw ni Hesus ang Kanyang kamay at nahuli sa Pedro. "O kayong maliit ang pananampalataya, bakit kayo ay nagalinlangan?"



Siya ay nagtanong. At nang si Pedro at ang Panginoong Hesus ay nasakay na sa daong, huminto ay malakas na hangin.

Yong mga nasa daong ay
napadapa at nagsamba
kay Hesus, at sinabi,
"Tunay nga kayo ay
anak ng Diyos'".

Hinimpil ni Hesus Ang Bagyo
sa Kadagatdagatan

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Mateo 8 at 14;
Markos 4; Lukas 8

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16